

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang bagong website na InvestBrampton.ca ay nagbibigay ng mga tool at resource para sa mga lokal na negosyo, negosyante, at mga dayuhang mamumuhunan**

BRAMPTON, ON (Hunyo 3, 2020) –Sa araw na ito, inilunsad ng Lungsod ang [InvestBrampton.ca](https://www.investbrampton.ca), isang bagong website na nagbibigay ng isang centralized online source para sa lokal na mga negosyo, mga negosyante at potensyal na mga mamumuhunang dayuhan para ma-access ang impormasyon at mga resource na kailangan nilang mahanap o magpalaki ng kanilang negosyo sa Brampton. Ang bagong InvestBrampton.ca website ay ini-highlight bilang isang agarang aksyon sa [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod](#).

May pokus sa pagiging interactive, pinapadali ng website para sa mga site selector, mga posibleng mamumuhunan, at mga lokal na negosyo na mabilis at madaling makahanap ng impormasyon at kumonekta sa iba kasama ang mga ekspertong tagapayo. Kabilang sa mga bagong tampok ang: isang sentrong pahina ng mapagkukunan ng impormasyon, isang site selection tool at direktang access sa team ng bagong mga serbisyo sa pamumuhunan na nagbibigay ng personalized, pinasadyang serbisyo para sa mga posibleng mamumuhunan. Nagtatampok din ang site ng kakayahan sa pakikipag-chat.

Noong Mayo 13, inaprubahan ng Konseho ng Brampton ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya bilang balangkas sa pagpapatuloy sa muling pagsisimula ng lokal na ekonomiya. Ang Task Force ng Mayor sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19 ay gumabay sa pagbuo ng Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod, na makakamit sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga aksyon sa ilalim ng bawat isa sa apat na pundasyon: Inobasyon, Teknolohiya at Entrepreneurship, Pamumuhunan, Imprastruktura, at Sining, Kultura at Turismo.

Kabilang sa iba pang mga inisyatiba na inilunsad kamakailan para suportahan ang pagbangon ng ekonomiya ng Brampton ang [Kampanya na Suportahan ang Lokal](#) ng Lungsod at [programang digital ShopHERE](#).

Ang Brampton ay tahanan ng halos 74,000 negosyo, Noong 2019, ang Brampton Entrepreneur Centre ay nagsagawa ng halos 1,000 konsultasyon sa maliliit na negosyo at pinangasiwaan ang higit sa 10,000 mga tanong ng maliliit na negosyo.

### **Mga Quote**

“Habang nagpapatuloy tayo sa ating trabaho sa pagbangon ng Ekonomiya ng Brampton, ang pagpapanatili at pagpapalawak ng ating kasalukuyang mga negosyo, at paghahatid ng bagong pamumuhunan sa ating Lungsod ay ang magiging mahalagang pokus para sa atin. Ang website na ito ay isa sa mga paraan na makatulong tayo sa pagsuporta sa ating umiiral na mga negosyo at magha-highlight ng maraming benepisyo na maiaalok ng Brampton bilang isang ideyal na lokal ng pamumuhunan!”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kailangan nating maghanap ng mga bagong paraan sa pagkonekta sa mga posibleng mamumuhunan, lalo na sa mga dayuhang mamumuhunan, habang nagpapatuloy tayo sa pagbangon ng ekonomiya mula sa COVID-19. Kailangan nating makabuluhang ilipat ang ating paraan sa mga misyon ng

Direktang Pamumuhunan ng Dayuhan bilang bahagi ng bagong paraan na ginagawa natin at hikayatin ang mga negosyo. Bukod pa sa ating one-to-one na mga pag-uusap at mga pagsisikap sa pagbuo ng relasyon, magagawa ng investbrampton.ca na ang posibleng mga mamumuhunan ay madaling makakuha ng sindaming paunang impormasyon na kailangan nila at sa iisang lugar.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Co-Chair, Task Force ng Mayor sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19*

“Ang Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ay masipag na nagtatrabaho kasama ang mga lokal na negosyo sa panahon ng COVID-19 at committed sa pagpapanatili ng suportang ito para makabangon ang ating lokal na ekonomiya at lumabas na mas malakas. Ang ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ay makakatulong sa pagtiyak ng pagiging resilient ng ating Lungsod at kompetitibong kalamangan habang umaabante tayo

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Co-Chair, Task Force ng Mayor sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19*

“Tulad ng mga negosyo at mga organisasyon sa buong bansa, naramdaman ng ating Lungsod ang negatibong pinansyal na epekto ng COVID-19. Ang pagbangon ng ekonomiya ay isang mahalagang pokus para sa atin sa pag-abante, at titingin tayo sa maraming iba-ibang mga inisyatiba na, pinagsama, magpapasulong sa atin.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok ng Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)